## Ang Sampung Utos ng Diyos

**(Exodus 19-20, Deutoronomy 5)**



Tatlong buwan matapos makalaya ang mga Israelita sa Egipto, nakarating sila sa Sinai at nagkampo sa tapat ng bundok.

Umakyat si Moses sa bundok upang makipag-usap sa Diyos. Sinabi sa kanya ng Diyos "Ito ang sabihin mo sa mga Israelita, nakita ninyo ang ginawa Ko sa mga taga-Egypt. Nakita rin ninyo kung paanong dinala Ko kayo rito tulad ng isang agilang nagdala sa kanyang mga inakay. Kung susundin ninyo Ako at magiging tapat sa ating kasunduan, kayo ang magiging bayang hinirang. Ang buong daigdig ay Akin ngunit kayo'y Aking itatangi. Kayo ay gagawin kong isang kaharian ng mga pari at isang bansang banal."

Kaya tinipon ni Moses ang mga pinuno ng Israel at pinarating ang lahat ng sinabi ng Diyos. Sabay-sabay silang sumagot at sinabing susundin nila ang lahat ng iniutos ng Diyos.

Pinaghanda ni Moses ang mga tao upang sumamba sapagkat sa ikatlong araw bababa sa bundok ng Sinai ang Diyos. Binilin Niya  na huwag silang aakyat o lalagpas sa hangganan na inilagay sa paligid ng bundok.

Kinaumagahan ng ikatlong araw ay kumulog at kumidlat. Ang bundok ay nabalot ng makapal na ulap at narinig ang isang malakas na tunog ng trumpeta. Nanginig sa takot ang lahat ng tao sa kanilang narinig at nakita.

Pinangunahan ni Moses ang mga tao papunta sa paanan ng bundok upang humarap sa Diyos. Bumaba ang Diyos sa tuktok ng bundok at pinaakyat Niya roon si Moses.

Sinabi ng Diyos:
"Ako ang Panginoon na inyong Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto kung saan kayo inalipin.

*Huwag kayong sasamba sa ibang diyos, maliban sa Akin.*

*Huwag kayong gagawa ng mga diyus-diyosang imahen ng anumang nilalang na nasa langit, nasa lupa, o nasa tubig upang sambahin. Huwag ninyo itong yuyukuran ni sasambahin.*

*Huwag ninyong gagamitin ang pangalan Ko sa walang kabuluhan.*

*Alalahanin ninyo ang Araw ng Pamamahinga at gawin ninyo itong natatanging araw para sa Akin.*

*Igalang ninyo ang iyong ama at ina para mabuhay kayo nang matagal sa lupaing ibinibigay Ko sa inyo.*

*Huwag kayong papatay.*

*Maging tapat kayo sa inyong asawa.*

*Huwag kayong magnanakaw.*

*Huwag kayong magsisinungaling.*

*Huwag ninyong kainggitan ang pag aari nang iba.*

Bumaba si Moses at tinipon ang buong Israel. Dala ang dalawang tapyas ng bato kung saan nakasulat ang mga kautusan. Sinabi niya sa mga tao ang mga kautusan at tuntunin na binigay ng Diyos.

Ang mga kautusang ibinigay ng Diyos sa mga Israelita ay dapat nilang sunding mabuti at isapamuhay ito upang mabuhay sila ng matagal at masagana sa lupaing  kanilang mamanahin.

Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pagiging banal ay nangangahulugan na Siya ay malinis, walang kasalanan, walang kapintasan, bukod tangi, *perfect*! Kaya naman pinaghanda Niya ang bayang Israel sa pagharap sa Kanya. Ito rin ang dahilan kaya binigay Niya ang sampung utos upang sila ay makapamuhay ng may kabanalan. Tunay na karapat-dapat na bigyang galang ang Diyos. Inihahanda mo rin ba ang iyong sarili sa tuwing lalapit at makikipag-ugnayan ka sa Diyos?

